# Hazard Map ng Tsunami sa Hiroshima City

Ang mapa na ito ay nilikha upang magsagawa ng maayos na kilos sa paglisan sakaling inaasahan ang pag-apaw na baha dahil sa tsunami.
Mangyaring **gamitin ito** upang pag-isipan nang maaga ang paglikas, at lumikha ng sariling mapa para sa pag-iwas sa sakuna sa inyong lugar at mga **pagsasanay sa paglikas**.

Ang hazard map na ito ay nakabatay sa ilustrasyon ng "Lugar na May Babala ng Sakuna ng Tsunami" na isinapubliko ng Hiroshima Prefecture noong Marso 2019. Nakalagay dito ang mahahalagang "paraan ng pagkuha ng impormasyon sa pag-iwas ng sakuna", "shelter", at "lugar na mapanganib sa oras ng paglikas, atbp." para maisaalang-alang ng mga residente ang paglikas.
Sa paghahanda para sa oras na dumating ang tsunami, alamin ang panganib ng pag-apaw na baha (sakop o lalim) malapit sa iyong bahay, paaralan, o lugar na pinagtatrabahuhan, at isaalang-alang ang destinasyon ng paglikas at ang ruta ng paglikas nang maaga.

## Inaasahang Tsunami at Mga Babala

Upang protektahan ang sarili sa tsunami, alamin kung anong klase ng tsunami ang inaasahang darating.

- Inaasahan ng Hiroshima City na ang "Nankai Trough megathrust earthquakes", "Mga lindol sa Akinada-Iyonada-Bungosuido", at "Mga lindol dahil sa Akinada fault zone" ay siyang mga lindol na maaaring magdulot ng matinding pinsala sa tsunami. Ipinapakita sa hazard map na ito ang mga pagpapalagay para sa inaasahang pinakamalalim na pag-apaw na baha sakaling magkaroon ng "pinakamatinding klase" ng tsunami na dulot ng mga lindol na ito sa ilalim ng masamang kondisyon. Subalit ang lugar na pag-apaw ng baha mula sa tsunami, ang batayang antas ng tubig at ang oras ng pagdating ng tsunami ay magkakaiba depende sa lindol, at maaaring ang aktwal na tsunami ay mas malaki o darating nang mas maaga kaysa sa inaasahan.
  Kaya mahalagang mag-ingat nang mabuti sa mga sumusunod na punto:



[Karaniwan sa Lahat ng Lindol]
- Sa mga lugar kung saan mas mababa ang lupa kaysa sa tubig (mga lugar na 0m ang taas mula sa kapantayan ng dagat), maaaring mawasak ang pilapil, atbp. dahil sa lindol, at maaaring magsimula ang pag-apaw na baha bago dumating ang tsunami.

[Nankai Trough megathrust earthquakes]
- **Ang tsunami ay may taas na hanggang 1.5m (3.6m na taas mula sa dagat*), at matindi ang lalim ng pag-apaw ng baha at malawak din ang lugar na pag-apaw ng baha**, kaya mangyaring lumikas patungo sa mataas na lugar.
  - * Ang "3.6m na taas mula sa dagat" ay ikinalkula sa pamamagitan ng pagdagdag ng taas ng tsunami na 1.5m sa taunang pinakamataas na tide level na 2.1m.
- Inaasahan na nasa tinatantiyang 4 na oras pagkatapos ng lindol darating ang pinakamalaking tsunami. Ngunit **ang epekto ng tsunami ay maaaring magsimula humigit-kumulang 30 minuto sa pinakamaaga**, kaya mangyaring lumikas agad patungo sa ligtas na lugar.

[Mga lindol sa Akinada-Iyonada-Bungosuido]
- Inaasahan na humigit-kumulang 2 oras pagkatapos ng lindol darating ang pinakamalaking tsunami. Ngunit **ang epekto ng tsunami ay maaaring magsimula nang mas maaga kaysa sa Nankai Trough megathrust earthquake, at ang lugar ng pag-apaw na baha nito ay mas malawak kaysa sa lindol dahil sa Akinada fault zone**. Kaya mangyaring lumikas agad patungo sa ligtas na lugar.

[Mga lindol mula sa Akinada fault zone]
- **Ang epekto ng tsunami ay magsisimula agad pagkatapos ng paglindol**, kaya magmadaling lumikas sa ligtas na lugar gaya ng mataas na palapag ng matibay na gusali, atbp.

## Kaalaman sa Paglikas

### 1. Kumuha ng tamang impormasyon.

Ang nararapat na kilos ng paglisan at oras ng paglikas ay magkakaiba ayon sa sitwasyon ng bawat tao. Sa panahon ng emergency, alamin ang impormasyon sa paglikas, kalagayan sa paligid, atbp., at lumikas ayon sa iyong pagpapasya.

### 2.Lumikas batay sa iyong sitwasyon.

Bilang prinsipyo, tayo ay lilikas sa ligtas na lugar (mataas na lugar na hindi sakop ng lugar na inaasahan ang pag-apaw na baha, atbp.).
Ngunit, kung mahirap lumikas, isaalang-alang ang emergency na paglikas sa pamamagitan ng pagpunta sa pasilidad ng emergency na paglikas sa panahong umapaw ang baha, o pumunta sa mataas na palapag ng matibay na gusali.

### 3. Ang tsunami ay pabalik-balik na humahampas sa aplaya.

Huwag pumunta malapit sa aplaya o mga ilog hangga't hindi pa tinatanggal na ang mga babala para mag-ingat sa tsunami, babala sa tsunami, o babala sa malaking tsunami.

### 4. Maghanda ng mga kagamitang pang-emergency.



Sa paghahanda sakaling kailangang lumikas dahil sa emergency, ilagay ang mga minimum na kagamitang dadalhin sa panahon ng paglikas sa iyong backpack, at ilagay ito sa lugar kung saan madali itong bitbitin paalis.

☐ Portable na radyo ☐ Pagkaing pang-emergency ☐ Tubig
☐ Flashlight/Baterya ☐ Damit ☐ Pang-araw-araw na mga kagamitan
☐ Medisinang pang-first aid ☐ Rain gear ☐ Cash
☐ Mga mahahalagang kagamitan, atbp. ☐ Face mask ☐ Disinfectant
☐ Wet wipes ☐ Thermometer atbp.

## Pagpapasya sa Oras ng Paglikas at Paraan ng Pagkuha ng Impormasyon

Alamin ang kahulugan at paraan ng pagkuha ng impormasyon sa panahon at paglikas, at isaalang-alang ang oras ng paglikas pagdating ng sakuna.

- Kung inaasahang magkakaroon ng pinsala dahil sa tsunami, mag-aanunsyo ang Japan Meteorological Agency (JMA) ng "babala sa malaking tsunami", "babala sa tsunami", at "babala para mag-ingat sa tsunami" humigit-kumulang3 minuto pagkatapos ng lindol. Pagkatapos niyan, mag-aanunsyo sila ng impormasyon tungkol sa "tantiyang taas ng tsunami", "tantiyang oras na pagdating ng tsunami", atbp. Bukod diyan, mag-aanunsyo sila ng "karagdagang impormasyon sa Nankai Trough Earthquake" kapag tumaas ang posibilidad na mangyari ang Nankai Trough earthquake, atbp.

| Anunsyo ng JMA | | | Ang Hiroshima City ay Mag-aanunsyo sa **Mga Distrito ng Paaralan** |
|---|---|---|---|
| Uri | Batayang Anunsyo | Anunsyo sa Numero | I-aanunsyo na Impormasyon ng Paglikas |
| Babala sa Tsunami | Ang pinakamataas na tinatantiyang taas ng tsunami ay 0.2m o higit pa, ngunit mas mababa sa 1m, at maaaring magdulot ng pinsala dahil sa tsunami. | 1m (0.2m ≦ Tinatantiyang taas ≦ 1m) | Utos ng Paglikas (Emergency) |
| Babala sa Tsunami | Ang pinakamataas na tinatantiyang taas ng tsunami ay higit sa 1m, ngunit mas mababa sa 3m. | 3m (1m < Tinatantiyang taas ≦ 3m) | |
| Babala sa Malaking Tsunami | Ang tinatantiyang taas ng Tsunami ay higit sa 3m. | 5m (3m < Tinatantiyang taas ≦ 5m) | |
| | | 10m (5m < Tinatantiyang taas ≦ 10m) | |
| | | Higit sa 10m (10m < Tinatantiyang taas) | |

- Batay sa anunsyo ng JMA, ang Hiroshima City ay mag-aanunsyo ng utos ng paglikas (emergency) para sa mga lugar na kinakailangan ang paglikas, sa pag-aalala tungkol sa mga kadahilanan ng sitwasyon ng pagkasira ng gawa ng mga istraktura, atbp. gaya ng pilapil, atbp. Kapag inanunsyo ang babala sa tsunami, atbp., agad na lumikas papunta sa ligtas na lugar malayo sa dagat at ilog, o papunta sa mataas na lugar.
- Kapag inanunsyo ang karagdagang impormasyon sa Nankai Trough Earthquake, muling siyasatin ang iyong paghahanda sa lindol.

## Maaari mong tingnan ang impormasyon sa paglikas at impormasyon sa antas ng panganib sa Emergency Evacuation Guide App!

- Ibinabahagi ng Hiroshima City ang Hiroshima Evacuation Guide App na **"避難所へＧｏ！(Pumunta sa Evacuation Site!)"** kung saan maaaring makita ang mga impormasyon sa paglikas, at impormasyon sa antas ng panganib gaya ng mga lugar na may pag-apaw na baha mula sa tsunami, atbp. I-download ang app at tingnan ang antas ng panganib ng iyong bahay.

(Mga Function ng App)

**Kumpirmasyon ng Impormasyon sa Paglikas**
Nakalagay sa app ang impormasyon ng paglikas (Utos ng Paglikas (Emergency)) na inanunsyo sa iyong kinaroroonan.

**Impormasyon sa Antas ng Panganib**
Makikita dito ang impormasyon ng antas ng panganib (mga lugar na may pag-apaw na baha mula sa tsunami, atbp.) sa iyong kinaroroonan.

**Naka-display na Ruta Papunta sa Pinakamalapit na Evacuation Site**
Ipinapakita ng app ang pinakamaikling ruta papunta sa bukas na evacuation site malapit sa iyong kinaroroonan kung kinakailangang umalis at lumikas.
Kung ikaw ay lalayo mula sa naka-display na ruta, o itinalaga mo ang lugar na nais mong daanan, magpapakita ito ng bagong ruta.

**I-download**

| [iOS ver.] | [Android ver.] |
|---|---|
| Inirerekomendang device | • iOS/iOS 10.0 o higit pa<br>• Android/Android Device 6.0 o higit pa |